# HUMANITY NEWS

TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. VIII No.20 April 15-21, 2024 10.00 ISSN No.: 2672-3034



**Arnel 'Ony' Cantimbuhan**
*Board Member 3rd District Cavite*

# New mega health center seen to decongest hospitals in Cavite




CAVITE CITY (PIA) – A new 100-bed 3-storey mega health center in Cavite that will cater to the needs of a growing population in Cavite's 1st district aims to ease overcrowding in hospitals.

The Cavite City Medcare Mega Health Center, located in Barangay 28, Sea Breeze, Cavite City will provide free, accessible, and quality public health care services to Caviteños through its medical surgical, outpatient, diagnostic, birthing, emergency, and pharmacy services.

Health Secretary (cont. P.3)





*Binibigyang halaga po ng Pamahalaang Lungsod ng General Trias ang sektor ng agrikultura, gayundin ang mga magsasakang Gentriseño. Kaya naman po upang lalong mapaunlad ang local dairy industry na siyang ating One Town, One Product (OTOP), pinasinayaan at binasbasan kamakailan ang bagong CITY OF GENERAL TRIAS DAIRY PROCESSING CENTER sa Barangay Santiago. Naisakatuparan ang proyektong ito dahil sa pagtutulungan ng LGU, Department of Agriculture -Philippine Carabao Center at ng General Trias Dairy Raisers Multi-Purpose Cooperative.*

*Katuwang sina Cong. Ony Ferrer, Vice-Mayor Jonas Labuguen at buong Team GenTri, hangad po natin na isulong ang kaunlaran ng bawat sektor sa ating lungsod para sa mas ikabubuti ng mamamayang Gentriseño.*

*Let's Join Forces for a More Progressive City of General Trias!*

## FAITH IN HUMANITY RESTORED!



Binigyang pagkilala ng Pamahalaang Bayan ng Rosario ang isang sidecar driver na nagsauli ng isang sobre na naglalaman ng P50k cash.

Kinilala ang matapat na driver na si Roger "Wakwak" Estolano Drio, 42, residente ng Brgy. Bagbag 2 sa nasabing bayan.

Ayon kay Wakwak, naghihintay siya ng pasahero noong Sabado ng gabi, Abril 6, nang mapulot niya ang isang sobreng 11sobre dahil naglalaman pala ito ng pera na tiga-iisang libo.

Makalipas naman ang ilang sandali, isang ginang ang namataang tila may hinahanap sa kalsada at napag-alamang ito pala ang nagmamay-ari ng sobreng puti.

Ayon sa ginang, ang sobre ay naglalaman ng pera ng kanilang paluwagan at malaking abono ang kaniya sanang sasapitin sakaling nawala o hindi ito napabalik sa kaniya.

Samantala, napag-alaman ding hindi ito ang unang pagkakataon na nagbalik si Wakwak ng perang kaniyang napulot. Noong 2022, nakapulot din umano siya ng perang nagkakahalaga ng P12k at isinauli niya ito sa may-ari. Saludo kami sa'yo, Wakwak!

## Full Scholarship Grant Payout



Story on p. 6

ADVERTISE WITH US! Contact Number: 094075029643 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com

# "PAMAMAHAGI NG PINANSYAL NA TULONG AT MGA GROCERY PACK: PAGBIBIGAY NG TULONG PARA SA MGA MARERELOCATE SA BARANGAY ZAPOTE 1"





Kuha ang mga larawan sa pamamahagi ng pinansyal na tulong at mga grocery pack sa pangunguna ng Housing Urban Development and Resettlement Dept. (HUDRD) na pinamumunuan ni Atty. Aimee Torrefranco Neri.

Kasama sa mga dumalo sa seremonya sina Mayor Strike B. Revilla na siyang personal na nagbigay ng financial at Grocery packs kasama si Kapitana Vivian Gawaran Ramirez.

Ang mga pamilya pong ito ay apektado ng proyekto na itatayong Pabahay sa 4PH program ng Pangulong Bongbong Marcos at ng ating Bacoor LGU ang Strike Tower.

Ang mga benepisyaryo ng proyekto ay ang 49 na pamilya mula sa Zapote 1 na lilipat sa Naic. Layunin ng pagtitipon na ipamahagi ang pinansyal na tulong at mga grocery pack sa mga benepisyaryo upang matulungan sila sa kanilang paglipat at paghahanda sa kanilang bagong tahanan.

Naganap ang seremonya ng pamamahagi sa Strike Gymnasium noong ika-8 ng Abril, 2024. Ipinakita ng Bacoor LGU ang kanilang suporta at pagkilala sa mga benepisyaryo ng Zapote 1.

Sa huli, ang pagpamahagi ng pinansyal na tulong at mga grocery pack na ito ay nagpapakita ng patuloy na pagkakaisa at pag-alalay ng lokal na pamahalaan aayos at paghahanda sa kanilang bagong tahanan.

Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

our website:
www.humanitynewsph.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**KRISTEL. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**ANTHONY LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.


Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00

# PGC's Medical Mission in Brgy. Calibuyo, Tanza, Cavite.



The Provincial Government of Cavite (PGC) through its medical mission team from the Office of the Provincial Governor and the GEAMH medical team, in collaboration with the Rural Health Unit

(cont. P.7)



**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

# ANG DOLPHIN

1. Ang dolphin ay mammal nitong karagatan,
Mammal ay sumuso sa kanyang magulang,
Humihinga sila nguni't walang hasang,
Malulunod sila pag hindi lumutang.

2. Pagkain ng dolphin ay maraming isda,
Ang kawan ng isda ay sinasagasa,
Ang pangkat ng dolphin sanay sa paggawa,
Sa mga pagkain ay nagpapasasa.

3. Marami nang kuwento ang mga naulat,
Sinagip ng dolphin ang tao sa dagat,
Ang barko'y lumubog dahil sa nawasak,
At tao'y sinagip ng dolphin na pangkat.

4. Lumaban ang dolphin sa kalabang pating,
Ang nguso'y ginamit, binundol, sinaling,
Nabugbog ang pating walang ganting iring,
At pag tihaya na'y patay na sa turing.

5. Pagkain ng dolphin ay maraming dikya,
Minsan nagkamali't plastic ang pithaya,
Pagkain pag mali ay nagiging sama,
Marami nang dolphin namatay na bigla.

6. Katulad sa tao, dolphin nagbubuntis,
Ito'y nanganganak ng dolphing maliit,
At susunod-sunod sa inang inibig,
Ang tanggol ng ina sa anak ang bigkis.

7. Bukod pa sa plastic, lambat ay pinsala,
Pag dolphin sumabit sa lambat ay sama,
Nalulunod ito pag hangin nawala,
Sumisinghap-singhap ang kaawa-awa.

8. Ang dolphin ay kaibigan nating mga tao,
Di dapat hulihin at kainin ito,
Dolphin ay may diwang likas ang talino,
At merong unawa sa ituturo mo.



The Cavite Career Caravan, held on April 5, 2024, at Robinson Place in the City of Imus, exemplified a joint endeavor led by the Office of the Provincial Public Employment Service Manager (OPPESM), headed by Ms. Rizalie P. Enero, in conjunction with the Provincial Sangguniang Kabataan Federation, under the leadership of Hon. Chelsea Jillian Sarno, and the local government of the City of Imus.

The event saw the esteemed presence of Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, alongside City Councilors Lloren Dionella "Yen" G. Saquilayan, Jojie Lyn L. Maliksi, Darwin Marti M. Remulla, Sherwin L. Comia, and SK Federation President Glian Ilagan, highlighting a collective dedication to supporting job seekers in Cavite.

The primary objective of this collaboration was to offer comprehensive assistance and opportunities to job seekers through career coaching. Participants were provided with the chance to engage with a diverse array of employers and government agencies, allowing them to gain valuable insights into different career fields and explore potential employment prospects.

Significant engagement was observed, with a total of 41 local companies and 2 overseas companies presenting job opportunities, thereby extending recruitment possibilities to attendees. The event, which attracted 244 applicants, with 17 individuals securing immediate employment, underscored its importance in addressing the employment needs within the region.

Furthermore, representatives from national government agencies, including SSS, Pag-ibig, Philhealth, TESDA, PSA, BIR and NBI, were in attendance, providing essential information and assistance regarding government programs and services relevant to employment and social welfare.

The success of the Cavite Career Caravan was credited to the steadfast support and collaboration of all participating companies and government agencies. The Provincial Government of Cavite conveyed its sincere appreciation to all contributors for their commitment to empowering job seekers and nurturing economic growth and prosperity in Cavite.*(CPIO)*




ONWARD FORWARD GEN. TRIAS CITY

*CONG. ONY FERRER*


# Local Youth Development Council, Sangguniang Kabataan Federation



Dumalo ang ating mahal na Vice Mayor Junio C. Dualan kasama si Municipal Admin Dr. Raymond P. Senia sa programa Roll Out of Youth Development Plan na naganap sa JCD Hall , Layunin ng programang ito na maisaayos ang pagpplano ng mga proyekto para sa mga kabataang naicqueno. (Municipality of Naic)



# New mega health center seen to decongest hospitals in Cavite...

(from p. 1)



*The Cavite City Medcare Mega Health Center will provide medical surgical, outpatient, diagnostic, birthing, emergency, and pharmacy services to Caviteños. (Photo/Cavite City LGU)*

Dr. Teodoro Herbosa together with DOH Assistant Secretary Dr. Ariel Valencia, led the turnover ceremony, which was graced by Cavite City 1st District Rep. Ramon Jolo B. Revilla III, Cavite City mayor Denver Reyes-Chua, Cavite board member Ram Revilla-Bautista, and other city officials.

Cavite's 1st district is composed of Cavite City and the towns of Noveleta, Kawit, and Rosario.

Sec. Herbosa assured the public that the DOH will continue its commitment to improving the quality of health services in the country, and will support the efforts of local government units and its leaders to alleviate poverty through the 8-point action agenda of the department.

"The establishment of mega health centers like this is a way for us to finally achieve and strengthen universal health care. [We believe] that every life is valuable in Bagong Pilipinas," Herbosa said in his keynote message.

Herbosa also pledged to work on the immediate provision of additional health equipment to ensure the efficiency of the new facility.

Meanwhile, Revilla said that the health facility is a priority project of him and his father, Senator Ramon Bong Revilla Jr., and has committed to the continuous development of the health center.

"The opening to the public of this Mega Health Center fulfills our promise during the campaign period to establish a new public hospital in our district that will enhance the quality of public service and address the medical needs of our fellow citizens. What used to be just a dream for us is now a reality. We will further improve and enhance the services of this facility for every Caviteño," he stated.

Chua expressed gratitude to the DOH and the Revillas for their commitment to making the project a reality, which he expects will provide further urgent care to his constituents and fellow Caviteños.

The mega health center is expected to be fully operational this April. (RF/PIA-Cavite)


*Pagbati Mula kina:*



**Mayor Alex "AA" Advincula**
*Imus City, Cavite*



**Cong. Adrian Jay 'AJ' Advincula**
*3rd District of Cavite*



## FAMOUS PERSONALITIES

*BY*

*NICO & NIELSEN BAUTISTA*

**DUKE OF WELLINGTON** - *Siya ay isang British General na tumalo kay Napoleon Bonaparte sa Battle of Waterloo at tumapos sa pamamayani ng mga Pranses sa buong Europa.*



## LET THERE BE LIGHT!

By

ENG'R. VER CAMPAÑA BAUTISTA

*F &A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**SANTONISAN - Ang Santonisan sa Alfonso ay hango sa citrones na ang naging bigkas natin ay santones. Ang Santonisan ay taniman ng mga citrus trees.**



***2024 Regional Athletic Association Meet Opening Ceremony held at Biñan Football Stadium with the Sangguniang Panlungsod Members, Vice Mayor Rex Mangubat, and Mr. Third Barzaga representing the City of Dasmariñas Good luck to our dear athletes, Dasmarinas Monarchs!***

# VACCINATION DRIVE KONTRA PERTUSSIS, UMARANGKADA NA SA NOVELETA





Nagsagawa ng Outbreak Response Immunization (ORI) ang Noveleta Health Team sa pangunguna nina Municipal Health Officer Dr. Maria Hilda Bucu at National Immunization Program Coordinator Maricel De Guzman noong nakaraang linggo.

Kasama ang mga kawani ng Department of Health (DOH), nagbahay-bahay ang mga Barangay Health Worker at Barangay Nutrition Scholar upang maabot ang mga batang edad anim (6) na linggo hanggang dalawang (2) taong gulang.

Nagsasagawa rin sila ng pagbabakuna ng pentavalent vaccine at Catch-up Immunization para naman sa mga Defaulter.

| via Noveleta Health Office



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA (TWIN BROTHER OF VER)

## HUMANITY TRIVIA

**(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)**

Typewriter - 1829
Transformer - 1831
Sorghum - Africa, Asia
Celery - Europe
Kamyas - rheumatism

# "PAMAMAHAGI NG PINANSYAL NA TULONG AT MGA GROCERY PACK: PAGBIBIGAY NG TULONG PARA SA MGA MARERELOCATE SA BARANGAY ZAPOTE 1"





Kuha po ang mga larawan sa pamamahagi ng pinansyal na tulong at mga grocery pack sa pangunguna ng Housing Urban Development and Resettlement Dept. (HUDRD) na pinamumunuan ni Atty. Aimee Torrefranco Neri.

Kasama sa mga dumalo sa seremonya sina Mayor Strike B. Revilla na siyang personal na nagbigay ng financial at Grocery packs kasama si Kapitana Vivian Gawaran Ramirez.

Ang mga pamilya pong ito ay apektado ng proyekto na itatayong Pabahay sa 4PH program ng Pangulong Bongbong Marcos at ng ating Bacoor LGU ang Strike Tower.

Ang mga benepisyaryo ng proyekto ay ang 49 na pamilya mula sa Zapote 1 na lilipat sa Naic. Layunin ng pagtitipon na ipamahagi ang pinansyal na tulong at mga grocery pack sa mga benepisyaryo upang matulungan sila sa kanilang paglipat at paghahanda sa kanilang bagong tahanan.

Naganap ang seremonya ng pamamahagi sa Strike Gymnasium noong ika-8 ng Abril, 2024. Ipinakita ng Bacoor LGU ang kanilang suporta at pagkilala sa mga benepisyaryo ng Zapote 1. Sa huli, ang pagpamahagi ng pinansyal na tulong at mga grocery pack na ito ay nagpapakita ng patuloy na pagkakaisa at pag-alalay ng lokal na pamahalaan aayos at paghahanda sa kanilang bagong tahanan.

# 668 SENIOR CITIZENS, TUMANGGAP NG BIRTHDAY CASH GIFTS





Sa ngalan ng inyong lingkod Dr. Dahlia Ambayec Loyola , City Mayor of Carmona, Cavite , ay pinangunahan po ni Cong. Roy M. Loyola ang pamamahagi ng po ng MUNTING HANDOG mula sa Lungsod ng Carmona na may kalakip na PAGMAMAHAL para sa ating mga kababayan na SENIOR CITIZENS na nagdiwang ng kanilang kaarawan noong buwan ng Pebrero.

Isa po kayo sa aming patuloy na inspirasyon upang pagtibayin pa namin ang aming pagbibigay ng makabuluhang serbisyo publiko para sa mga mamamayan. Belated happy birthday po sa inyong lahat!(**City Government of Carmo**na)

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Sambong bilang halamang gamot



*Scientific name: Blumea balsamifera (Linn.) DC.; Conyza appendiculata Blume; Conyza odorata Rumph Common name: Sambong (Tagalog); Blumea Camphor (Ingles)*

Ang sambong ay isang maliit na halaman na may mapayat ngunti matigas at mala-kahoy na katawan at nababalot ng mabalahibong dahon. Ang bulaklak ay tumutubo nang kumpol-kumpol sa isang sanga. Ito'y karaniwang tumutubo sa mabababang lugar at mga bakanteng lote sa ilang mga bansa sa Asya, kabilang na ang Pilipinas.

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Sambong?**

Ang iba't ibang bahagi ng halamang sambong ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang halaman na sambong ay mayroong volatile oil, l-borneol, l-camphor, limonene, saponins, sesquiterpene at limonene, tannins, sesquiterpene alcohol, palmitin, myristic acid.

Mayroon din itong flavonoids, terpenes (borneol, limonene, camphor, a-pinene, b-pinene, 3-carene, sesquiterpenes, monoterpenes, triteroenes, at cryptomeridiol), lactones (blumealactone A, B, C)

Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

Dahon. Ang dahon ng sambong ang bahagi ng halaman na madalas na ginagamit bilang gamot. Kadalasang nilalaga ito at iniinom na parang tsaa o kaya'y hinahalo sa tubig na pinangliligo. Maaari din itong dikdikin at ipantapal sa ilang kondisyon sa katawan.

Ugat. Maaari din gamitin sa panggagamot ang ugat ng sambong. Inilalaga ito at iniinom din na parang tsaa.

Ano ang mga sakit na maaaring magamot ng Sambong?

Sugat. Maaaring ipantapal ang dinikdik na dahon ng sambong sa sugat na hindi madaling maghilom. Makatutulong ito upang mapabilis ang paggaling sa sugat.

Lagnat. Dapat namang inumin ang pinaglagaan ng dahon at ugat ng sambong upang mapababa ang lagnat na nararanasan.

Karamdaman sa bato. Ang pag-inom din sa pinaglagaan ng dahon ng sambong ay mabisa upang mapabuti ang kondisyon ng mga bato o kidney. Tumutulong ito sa tuloy-tuloy na daloy ng pag-ihi.

Rayuma. Mabisa naman para sa kondisyon ng rayuma ang pagbabad sa bahagi ng katawan na nananakit sa tubig na pinaglagaan ng dahon ng sambong.

Sinusitis. Iniinuman din ng pinaglagaan ng dahon ng sambong ang kondisyon ng sinusitis upang mapabuti ang pakiramdam.

Sipon. Ang regular naman na pag-inom sa tsaa na nagmula sa dahon ng sambong ay mabisa upang mawala ang mga sintomas ng sipon.

Sakit ng ulo. Pinagtatapal sa noo ang dahon ng sambong kung sakaling makaramdam ng pananakit sa ulo.

Hika. Mabisa pa rin ang tsaa ng sambong para sa kondisyon ng hika.

# Quantum Geographic Information System (QGIS) Tutorial and IEC Campaign Equips Communities in Cavite with Essential Disaster Preparedness Knowledge









In an effort to enhance disaster preparedness and resilience in the communities of Cavite, a comprehensive Quantum Geographic Information System (QGIS) Tutorial and Information Education and Communication (IEC) Campaign was conducted on April 2-4, 2024. Organized by the local government units in partnership with various agencies and experts, the event aimed to equip selected personnel and students with essential knowledge on hydrometeorological hazards and flood mitigation measures.

The first leg of the event, held on April 2-3, featured a QGIS Tutorial attended by personnel from the City Government of General Trias, particularly from the offices of City Disaster Risk Reduction and Management, Planning and Development Coordinator, and Engineering. The Barangay Officials of Bacao I and II and Barangay Navarro had the opportunity to learn the structural and non-structural measures of flood mitigation presented by Mr. Koji Kusaka and Ms. Emelita "Mimi" Estaris from Cavite Industrial Area – Flood Risk Management Project (CIS-FRIMP), respectively. Held at the Audio-Visual Room, General Trias Sports Park in Barangay San Tiago, City of General Trias, the session also featured enlightening presentations on Understanding Weather Systems and Warning Information by Ms. Vivian Gay Agassid, and Understanding Floods and the PAGASA Flood Warning System by Ms. Rosalie Pagulayan, both Weather Specialists from the Department of Science and Technology - Philippine Atmospheric, Geophysical, and Astronomical Services Administration (DOST-PAGASA).

On April 4, 2024, an IEC Campaign was conducted for selected students of Noveleta Elementary School in Barangay San Rafael, Noveleta, Cavite. These young learners were provided firsthand insights into floods, tropical cyclones, rainfall, storm surges, and other hydrometeorological hazards by experts from DOST-PAGASA. Furthermore, members of the CIA-FRIMP, Mr. Shuji Kaku and Ms. Mimi Estaris, offered valuable perspectives on flood mitigation measures, particularly emphasizing the implementation of non-structural measures (NSM) in Cavite. This educational session was crafted to harmonize understanding across communities and enlighten the younger generation on effective disaster preparedness measures.

Key agencies involved in the event included DOST-PAGASA, Department of Public Works and Highways Unified Project Management Office – Flood Control Management Cluster (DPWH UPMO-FCMC), Department of Education – District of Noveleta, and Japan International Cooperation Agency (JICA). Their collaborative efforts with the local government units, Local Disaster Risk Reduction Management Officers (LDRRMOs), and City/ Municipal Planning and Development Coordinators played a pivotal role in the success of the initiative.

The QGIS Tutorial and IEC Campaign exemplify the commitment of stakeholders to build resilient communities and enhance disaster preparedness in Cavite. By equipping participants with essential knowledge and practical measures, the event contributes to safeguarding lives and properties against the impact of natural disasters(CPIO)

## *Full Scholarship Grant Payout*

Muli po tayong nagkaroon ng full scholarship grant payout sa ating mga mahuhusay na kabataang Treceño na nasa kolehiyo.

Sa ating mga scholars, mag-aral na mabuti at pahalagahan ang inyong edukasyon dahil isa ito sa mga susi tungo sa magandang kinabukasan.

Ang inyong lingkod ay lubos na nakasuporta sa inyo.

Be blessed, Be a blessing!Bagong Trece,Puso ng Cavite,Lungsod ng Pag Asa!

## EDITORIAL

Ang ating kalupaan ay mga pulo. Pagdating ng ulan, ang yaman ng lupa ay madaling anurin sa ilog patungo sa dagat, kaya ang ating lupa ay madaling mawalan ng pataba. Ito rin ang dahilan kaya ang ating mga dagat ay mayaman sa mga pagkain. Kung ito ay lubos nating mapag-aaralan at malulutas ay malaking bagay na sa pag-unlad at sa pagsisiskap na maiayos lahat ang ating mga problema .

# Road Safety Awareness Program for Children, patuloy ang pag-iikot sa mga day care center sa Imus









Muling nagsagawa ang City of Imus Traffic Management Unit ng Road Safety Awareness Program for Children noong Biyernes, Abril 5, 2024, sa Medicion 1-B Juliard Homes 1 Day Care Center upang masiguro ang kaligtasan ng mga bata sa kanilang paglalakad sa mga kalye.

Itinuro ng tanggapan ang Basic Traffic Signals and Signs, Dos and Don'ts as a Road User, pati na rin ang Traffic Light Song and Dance, at ang pagpapakilala sa tungkulin ng mga traffic enforcer sa daan.**(City Government of Imus)**




### *PGC's Medical Mission...* (from p. 2)

of Tanza, conducted a comprehensive medical mission on April 3, 2024, at Brgy. Calibuyo covered court in Tanza, Cavite.

The mission aimed to provide essential healthcare services to the community, serving 475 patients with services including 32 electrocardiograms (ECG) and 17 x-ray examinations.

Esteemed local officials, such as Municipal Councilor Derek Matro and Alexis Dones, supported the event, recognizing its importance in promoting community well-being.

Key contributors included Punong Barangay Jesus E. Aquino, barangay council, Sangguniang Kabataan (SK) headed by Chairperson Joepert Job A. Mintu, Barangay Health Workers (BHWs), and Barangay Nutrition Scholars (BNS).

In addition to medical consultations, free eye check-ups and essential medicine distribution, including mosquito repellent lotion were provided.(CPIO)



## CAVITE HIGHLIGHTS

By:
Yna Palparan Bautista

### Artemio Ricarte

- Isa siyang Ilokanong guro sa Malabon at kasama sa pag-aalsa noong rebolusyon. Siya ang unang pangunahing Heneral ng Philippine Army na itinatag ni Aguinaldo. Di siya nanumpa ng katapatan sa mga Amerikano at naging tapon sa Japan. Bumalik siya noong World War II sa Pilipinas at namatay sa Mountain Province. Nakalibing siya sa Libingan ng mga Bayani.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

our website:
www.humanitynewsph.com

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan,
Silang, Cavite

VOL.VIII NO. 20

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
Vol. VIII No.20 APRIL 15-21, 2024 P 10.00

# Blessing and Inauguration of Covered Court at South Susana Home,Barangay Molino 2,







Pinangunahan ni Congresswoman Lani M. Revilla at ni Mayor Strike B. Revilla ang Blessing at Inauguration ng bagong Covered Court ng South Susana Home sa Barangay Molino 2. Ito ang proyektong pinag tulungan ng National & Local Government Unit sa pangunguna ni Congresswoman Lani M. Revilla. Ang proyektong ito ay inisyatibo ni Cong. Lani M. Revilla para matulungan ang mga residente ng South Susana Homes dahil matagal na itong pangarap ng Homeowners Association na magkaroon ng isang covered court na magagamit para sa kanilang mga event at pagpupulong.

Ang Pamahalaang Lungsod sa pangunguna ni Mayor Strike B. Revilla ay nakasuporta sa mga proyektong makakatulong sa mga Bacooreño.

Dumalo sa programa si Engr. Regine Estingor - DPWH Cavite 3rd District, Engr. Office, Ma'am Lorna Callado - Miclover General Construction, Pres. Atty. Abigail Bernardino - South Susana Homes, Kap. Mike Saquitan, Home Owner Association Officers at ibang NGO na patuloy na nakasuporta sa programa at proyekto ng Pamahalaang Lungsod.

Ang programa ay nag tapos sa mensahe ni Mayor Strike B. Revilla na patuloy na nagpapaalala ng mga ordinansa at pag-iingat hindi lang sa mga sakuna ( sunog ) at sa patuloy na paglaganap ng Pertussis sa ating probinsya at Lungsod.

As We Strike As One, Dahil sa Bacoor at Home ka Dito!




*Ang batang bakunado, protektado!*

*Ang sakit na Pertussis ay lubhang nakakahawa. Ang isang maysakit ay maaaring makahawa ng hanggang sa 18 na iba pa, bata o matanda. Ang bakuna kontra Pertussis ay makakatulong upang mabawasan ang posibilidad ng malubhang mga komplikasyon mula sa Pertussis na nakakamatay lalo na sa mga sanggol.*

*Ang Pertussis o Whooping Cough ay nagdudulot ng matinis at ipit na paghinga matapos ang pag-ubo. Ang bata ay maaaring makaranas ng apnea o pagtigil sa paghinga, pagkahirap sa paghinga, at pagsusuka.*

*Narito ang ilang mga paalala para makaiwas sa sakit na pertusis.*

*Agad na komunsulta sa pinakamalapit na health center kung nakakaranas ng malubhang pag-ubo, pangingitim o pag-kulay asul, o hirap sa paghinga!*

*Pabakunahan na ang mga batang 6 na linggo hanggang 23 buwang gulang para Chikiting Ligtas, dahil sa Bagong Pilipinas, Bawat Buhay Mahalaga!*

*** Umiwas sa Fake News! Alamin muna kung legit ang sources na pinagmulan ng impormasyon. Huwag basta maniniwala sa sabi sabi. Manatiling updated sa mga Health news and advisories mula sa Rhu Magallanes*

# DO YOU KNOW ?

*Hans Lippershey invented the Telescope.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY
Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**




SEE YOU AT GEN. E. TOPACIO ST. NEAR THE TOPACIO COMPOUND IMUS, CITY